

PAHAYAG NG IMPORMASYON SA BAKUNA

Recombinant na Bakuna sa Zoster (Shingles): Ano Ang Kailangan Mong Malaman


Many Vaccine Information Statements are available in Tagalog and other languages. See www.immunize.org/vis

Maraming Pahayag ng Impormasyon sa Bakuna ang makukuha sa Tagalog at sa iba pang mga wika. Tingnan sa www.immunize.org/vis

1. Bakit magpapabakuna?

Mapipigilan ng **recombinant na bakuna sa zoster (shingles)** ang **shingles**.

Ang **shingles** (tinatawag din na herpes zoster, o zoster) ay isang masakit na pantal sa balat, na kadalasan ay may mga paltos. Karagdagan sa mga pantal, ang shingles ay maaaring magdulot ng lagnat, sakit ng ulo, panginginginig, o masakit na tiyan. Bagama't napaka-bihira, maaaring humantong ang shingles sa mga komplikasyong gaya ng pulmonya, mga problema sa pandinig, pagkabulag, pamamaga ng utak (encephalitis), o pagkamatay.



Ang panganib ng shingles ay tumataas sa pagtanda. Ang pinakakaraniwang komplikasyon ng shingles ay ang pangmatagalang pananakit ng nerbiyo na tinatawag na postherpetic neuralgia (PHN). Nangyayari ang PHN sa mga lugar kung saan nagkaroon ng pantal ng shingles at maaaring tumagal nang ilang buwan o taon pagkatapos mawala ang pantal. Ang sakit mula sa PHN ay maaaring maging malubha at nakakapanghina.

Ang panganib ng PHN ay tumataas sa pagtanda. Ang isang may edad na may sapat na gulang na may shingles ay mas malamang na magkaroon ng PHN at magkaroon ng mas matagal at mas matinding pananakit kaysa sa isang nakababatang tao.

Ang mga taong may mahinang immune system ay mayroon ding mas mataas na panganib na magkaroon ng shingles at komplikasyon mula sa sakit.

Ang shingles ay dulot ng virus na varicella zoster, ang parehong virus na nagdulot ng bulutong-tubig. Pagkatapos mong magkabalutong, mananatili ang virus sa iyong katawan at

maaaring magdulot ng shingles sa kalaunan. Ang shingles ay hindi maipapasa mula sa isang tao patungo sa isa pa, ngunit ang virus na nagdulot ng shingles ay maaaring kumalat at maging sanhi ng bulutong-tubig sa isang taong hindi pa nagkaroon ng bulutong-tubig o hindi pa nakatanggap ng bakuna sa bulutong-tubig.

2. Recombinant na bakuna sa shingles

Ang recombinant na bakuna sa shingles ay nagbibigay ng malakas na proteksyon laban sa shingles. Sa pamamagitan ng pag-iwas sa shingles, ang recombinant na bakuna sa shingles ay nagpoprotekta rin laban sa PHN at iba pang mga komplikasyon.

Inirerekomenda ang recombinant na bakuna sa shingles para sa:

- **Mga matatanda na 50 taong gulang at mas matanda**
- **Mga nasa hustong gulang na 19 taong gulang at mas matanda na may mahinang immune system** dahil sa sakit o paggamot

Ang bakuna sa shingles ay ibinibigay bilang isang serye ng dalawang dosis. Para sa karamihan ng mga tao, ang pangalawang dosis ay dapat ibigay 2 hanggang 6 na buwan pagkatapos ng unang dosis. Ang ilang mga tao na mayroon o magkakaroon ng mahinang immune system ay maaaring makakuha ng pangalawang dosis 1 hanggang 2 buwan pagkatapos ng unang dosis. Tanungin ang tagapagbigay mo ng pangangalagang pangkalusugan.

Ang mga taong nagkaroon ng shingles sa nakaraan at mga taong nakatanggap ng bakuna sa varicella (bulutong-tubig) ay inirerekomendang kumuha ng recombinant na bakuna sa shingles. Inirerekomenda rin ang bakuna para sa mga taong nakakuha na ng isa pang uri ng bakuna sa shingles, ang live na bakuna sa shingles. Walang live na virus sa recombinant na bakuna sa shingles.

Ang bakuna sa shingles ay maaaring ibigay kasabay ng iba pang mga bakuna.



U.S. Department of Health and Human Services
Centers for Disease Control and Prevention

3. Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan

Sabihin sa iyong tagapagbigay ng pagbabakuna kung ang taong babakunahan ay:

- Nagkaroon ng isang **allergic na reaskyon pagkatapos ng nakaraang dosis ng recombinant na bakuna sa shingles**, o merong **malubhang nagbabanta sa buhay na mga allergy**
- Ay **kasalukuyang nakakaranas ng isang episode ng shingles**
- Ay **buntis**

Sa ilang mga kaso, maaaring magpasya ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na ipagpaliban ang pagbabakuna para sa shingles hanggang sa isang pagbisita sa hinaharap.

Maaaring mabakunahan ang mga taong may kaunting karamdaman, tulad ng sipon. Ang mga taong may katamtaman o malubhang sakit ay karaniwang dapat maghintay hanggang sa sila ay gumaling bago kumuha ng recombinant na bakuna sa shingles.

Ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ay makakapagbigay sa iyo ng higit pang impormasyon.

4. Mga panganib ng isang reaskyon sa bakuna

- Ang masakit na braso na may banayad o katamtamang pananakit ay napakakaraniwan pagkatapos ng recombinant na bakuna sa shingles. Ang pamumula at pamamaga ay maaari ding mangyari sa lugar ng iniksyon.
- Ang pagkapagod, pananakit ng kalamnan, pananakit ng ulo, pangiginig, lagnat, pananakit ng tiyan, at pagduruwal ay karaniwan pagkatapos ng recombinant na bakuna sa shingles.

Ang mga side effect na ito ay maaaring pansamantalang pumigil sa isang taong nabakunahan sa paggawa ng mga regular na aktibidad. Karaniwang kusang nawawala ang mga sintomas sa loob ng 2 hanggang 3 araw. Dapat mo pa ring makuha ang pangalawang dosis ng recombinant na bakuna sa shingles kahit na nagkaroon ka ng isa sa mga reaskyong ito pagkatapos ng unang dosis.

Ang Guillain-Barré syndrome (GBS), isang malubhang karamdaman sa sistema ng nerbiyo, ay naiulat na napakabihira pagkatapos ng recombinant na bakuna sa zoster.

Ang mga tao kung minsan ay hinihimatay matapos ang mga medikal na pamamaraan, kabilang ang pagbabakuna. Sabihin sa iyong tagapagbigay ng serbisyo kung nakakaramdam ka ng pagkahilo o may mga pagbabago sa iyong paningin o pag-ugong sa iyong mga tainga.

Tagalog translation provided by Immunize.org

Tulad ng anumang gamot, mayroong napakaliit na tsansa na ang isang bakuna ay maging sanhi ng malalang allergic na reaskyon, ibang malubhang pinsala sa katawan, o pagkamatay.

5. Paano kung may isang malubhang problema?

Ang isang allergic na reaskyon ay maaaring mangyari pagkatapos na ang taong nabakunahan ay umalis sa klinika. Kung makakita ka ng mga palatandaan ng matinding allergic na reaskyon (mga pantal, pamamaga ng mukha at lalamunan, hirap sa paghinga, mabilis na tibok ng puso, pagkahilo, o panghihina), tumawag sa **9-1-1** at dalhin ang tao sa pinakamalapit na ospital.

Para sa iba pang mga palatandaan na nakakabahala sa iyo, tawagan ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Dapat iulat ang mga hindi mabuting reaskyon sa Sistema ng Pag-uulat ng Hindi Mabuting Pangyayari kaugnay ng Bakuna (Vaccine Adverse Event Reporting System, VAERS). Karaniwang isinusumite ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ang ulat na ito o maaaring ikaw mismo ang gumawa nito. Bisitahin ang website ng VAERS sa www.vaers.hhs.gov o tumawag sa **1-800-822-7967**. Ang VAERS ay para lamang sa pag-uulat ng mga reaskyon, at ang mga tauhan ng VAERS ay hindi nagbibigay ng medikal na payo.

6. Paano ako makakakuha ng karagdagang kaalaman?

- Tanungin ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.
- Tumawag sa iyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Bisitahin ang website ng Food and Drug Administration (FDA) para sa mga kalakip ng pakete ng bakuna at karagdagang impormasyon sa www.fda.gov/vaccines-blood-biologics/vaccines.
- Makipag-ugnay sa Mga Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC):
 - Tumawag sa **1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)** o
 - Bisitahin ang website ng CDC sa www.cdc.gov/vaccines.

